

Sistema ng Guangdong (Guangdong Scheme)

Panimula

1. Ang Sistema ng Guangdong (GD) sa ilalim ng Sistema ng Panggastos para sa Panlipunang Seguridad (Social Security Allowance Scheme) ay ang makapagbigay ng Allowance para sa Katandaan (Old Age Allowance) para sa mga karapat-dapat na matatanda sa Hong Kong na edad 65 o higit pa na naninirahan sa Guangdong. Ipinapaliwanag ng dokumentong ito ang mga pangunahing katangian ng Sistema ng Guangdong (Guangdong Scheme).

Kriterya para maging Karapat-dapat

2. Ang isang aplikante ay karapat-dapat sa panggastos o allowance sa ilalim ng Sistema ng GD kung siya ay:
 - (a) nakatugon sa mga sumusunod na iniaatas sa mga residente:
 - (1) siya ay naging isang residente ng Hong Kong sa loob nang hindi bababa sa pitong taon; at
 - (2) siya ay tumira sa Hong Kong nang tuloy-tuloy sa loob nang hindi bababa sa isang taon bago ang petsa ng aplikasyon (ang pagkawala sa Hong Kong nang hanggang sa maksimum na 56 na araw sa loob ng isang taong palugit ay itinuturing na paninirahan sa Hong Kong) (sumangguni po sa talata 3);
 - (b) may edad na 65 o mas matanda pa [ang aplikante na may edad na 65 – 69 ay kailangang makatugon sa mga iniaatas na kita at ari-arian (sumangguni po sa Annex)];
 - (c) patuloy na naninirahan sa GD sa panahon ng pagtanggap ng panggastos o allowance (ang isang tumatanggap sa ilalim ng Sistema ng GD ay kailangan maninirahan sa GD nang hindi bababa sa 60 araw sa loob ng isang taon ng pagbabayad para sa pagkuha ng isang buong taong kabayaran ng allowance);
 - (d) pagsuko ng kanyang pampublikong inuupahang bahay sa Hong Kong bago umalis ng Hong Kong o aalisin ang kanyang pangalan mula sa pag-okupa (tenancy) kung siya ay isang awtorisadong umu-ukupa ng isang pampublikong pabahay;

- (e) walang tinatanggap na anumang iba pang panggastos o allowance sa ilalim ng Sistema ng Panggastos para sa Panlipunang Seguridad (Social Security Allowance Scheme) o ng tulong sa ilalim ng Komprehensibong Sistema ng Tulong para sa Panlipunang Seguridad (Comprehensive Social Security Assistance Scheme); at
- (f) hindi nakakulong o nasa ilalim ng kustodiya ng batas o pumasok sa isang institusyong penal.

Mga Espesyal na Kasunduan sa Unang Taon ng Sistema

3. Sa unang taon ng pagpatupad ng Sistema ng GD, (mula Oktubre 1 2013 hanggang Setyembre 30 2014), isang espesyal na kasunduan (one-off arrangement) ang ipapatupad upang mapahintulutan ang mga matatanda sa Hong Kong na nakalipat na sa GD, at nakatugon sa lahat na mga kriterya para maging karapat-dapat (halimbawa, umabot na sa edad para maging kwalipikado, nakatugon sa mga hangganang itinakda sa income at ari-arian para sa mga aplikanteng may edad na 65 hanggang 69, at iba pa) na makinabang sa Sistema ng GD nang hindi na tutugunan ang patakaran na manirahan sa Hong Kong nang isang taon nang tuloy-tuloy. Ang mga aplikante ay kailangan magbigay ng mga dokumento bilang katibayan ng kanilang paninirahan sa GD (halimbawa, mga resibo ng upa, bayad sa tubig/ilaw/kuryente, at iba pa) at magdeklara na tumira na sila sa GD nang tuloy-tuloy sa loob nang isang taon bago ang petsa ng aplikasyon (ang pagkawala sa GD nang hanggang sa maksimum na 56 na araw sa panahon ng isang taong palugit ay ituturing na paninirahan sa GD).

Mga Pamamaraan ng Aplikasyon

4. Kailangang personal na kumpletuhin ng mga aplikante ang mga tuntin sa aplikasyon sa Hong Kong, at kailangang ibalik ang Form ng Aplikasyon para sa Sistema ng GD kasama ang dalawang bagong litrato at kopya ng lahat ng pang-suportang dokumento sa Social Security Field Unit (Sistema ng Guangdong) sa pamamagitan ng koreo, sa adres na: Unit 2110-2111, 21/F, Landmark North, 39 Lung Sum Avenue, Sheung Shui, Hong Kong. Ang Form ng Aplikasyon para sa Sistema ng GD at mga Gabay na Dapat Tandaan (GD Scheme Application Form and Guidance Notes) ay makukuha sa mga Social Security Field Unit (Sistema ng GD) o mada-download mula sa website ng SWD sa Sistema ng GD sa (www.swd.gov.hk/gds).
5. Pagkatanggap ng isang aplikasyon, ang Departamento ay maaaring humingi ng karagdagang impormasyon, bago ang panayam ng Social

Security Field Unit (Sistema ng GD) sa aplikante. Kailangang dalhin ng aplikante ang mga orihinal na kopya ng mga mahalagang dokumento, tulad ng Hong Kong Identity Card, mga dokumento ng pagbiyahe, at iba pa, kapag pumunta sa itinakdang panayam. Ang isang aplikante na may edad na nasa pagitan ng 65 at 69 ay kailangan ding magdala ng mga orihinal na kopya ng mahalagang dokumento ukol sa buwanang kita at mga ari-arian. Kapag tapos na ang imbestigasyon, isang abiso ang ibibigay sa aplikante tungkol sa resulta.

Tandaan

- (1) Ang Departamento ay nag umpisa nang tumanggap ng mga aplikasyon mula sa mga aplikante ng Sistema ng GD. Ang Departamento ay tumatanggap din ng mga aplikasyon mula sa mga aplikante ng Sistema ng GD sa loob nang isang buwan ng kanyang edad para maging kwalipikado (halimbawa, sa ika-65 o ika-70 kaarawan). Ang pagbabayad ng panggastos o allowance sa ilalim ng Sistema ay kukuwentahin mula sa petsa na ang aplikante ay nasa edad na maaaring maging kwalipikado at nakatugon sa lahat ng mga kriterya para maging karapat-dapat, alin man ang mas huli.
- (2) Sa ilalim ng minsanang kasunduan (one-off arrangement) sa unang taon ng pagpapatupad ng Sistema ng GD, para sa aplikante na nakalipat na para tumira sa GD at nakapagsumite ng katibayang (o mga katibayang) medikal na iniisyu ng pampublikong ospital/klinika na nagsasabing siya ay hindi makakabiyahe sa Hong Kong para sa aplikasyon, ang Departamento ay magtatalaga ng ahente nito upang magbigay ng tulong sa aplikante sa pagkumpleto ng mga pamamaraan ng aplikasyon.

Antas ng Bayad at Paraan ng Pagbabayad

6. Ang panggastos o allowance ay ibibigay sa mga kwalipikadong aplikante kada buwan.
7. Kung matugunan ang lahat na mga kriterya upang maging karapat-dapat, ang bayad ay kukuwentahin mula sa petsa ng implementasyon ng Sistema ng GD (mula Oktubre 1, 2013) o ang petsa nang matanggap ang aplikasyon sa Departamento o sa petsa nang maging karapat-dapat, alinman ang mas nahuli. Ang panggastos o allowance ay idadagdag sa itinalagang account ng aplikante sa bangko sa Hong Kong isang beses kada buwan. Ang aplikante ang magsasaayos sa pagkolekta ng kanyang panggastos o allowance mula sa kanyang account (halimbawa, makikipag-ayos siya sa bangko na mai-remit ang buwanang allowance nya sa GD). Sagot ng aplikante ang charges ng bangko sa paglipat ng pera niya sa GD.

Mga Apela

8. Kung ang isang aplikante ay hindi sumang-ayon sa desisyon ng Departamento para sa Kapakanang Panlipunan (Social Welfare Department), maaari siyang magsampa ng apela sa Lupon ng Panlipunang Seguridad para sa Apela (Social Security Appeal Board), na isang independiyenteng grupo na binubuo ng mga hindi opisyal na itinalaga ng Punong Ehekutibo (Chief Executive). Ang isang apela ay kailangang maisampa sa loob nang apat na linggo agad-agad kasunod ng notipikasyon ng desisyon mula sa Direktor ng Kapakanang Panlipunan (Director of Social Welfare). Ang mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan ng apela ay maaaring itugon sa Social Security Field Unit (Sistema ng GD).

Pag-uulat ng mga Pinaghihinalaang Kaso ng Panloloko at Abuso

9. Ang pasisinungaling o pagtatago ng mga impormasyon ng panggastos o allowance sa pamamagitan ng panloloko ay isang opensang krimen. Ang mga ulat tungkol sa mga kaso ng mga pinaghihinalaang panloloko at abuso ay maaaring itawag sa hotline ng Departamento ng Kapakanang Panlipunan sa 2332 0101.

Kita at mga Ari-arian sa ilalim ng Sistema ng Guangdong

- ✧ Kabilang sa “Kita” ang mga sahod mula sa pagiging empleyado, kita mula sa mga pinagtrabahuhan at negosyo, at iba pa (kasama ang mga suweldo, sahod, mga tinanggap na buwanang komisyon o bonus, at buwanang kita mula sa pag-eepleyo sa sarili), mga benepisyo/pensyon sa pagreretiro, at netong kita mula sa mga nakolektang upa. Ang mga kontribusyon mula sa mga miyembro ng pamilya, kamag-anak o kaibigan, at mga buwanang kabayaran na tinanggap sa ilalim ng mga sistemang reverse mortgage ay hindi kasama, pero ang anumang halaga ng savings/hawak na cash ay itinuturing na “mga ari-arian”.
- ✧ Kabilang sa “Mga Ari-arian”⁽¹⁾ ang lupa at mga ari-ariang⁽²⁾ hindi may-ari ang nakatira, hawak na cash, savings sa bangko, mga investment sa stock at mga sosyo o share (kasama na ang mga bono, trust fund at mga benepisyong naipon mula sa pagreretiro⁽³⁾), sasakyang pampasada (halimbawa taxi at maliliit na pampublikong bus) at ang lisensiya nito, mga baras ng ginto at mga baryang ginto, at iba pa. Ang mga ari-arian na may-ari ang nakatira, nitso para sa sarili sa hinaharap, at ang cash na halaga ng mga sistema ng seguro ay hindi kabilang.

Tandaan :

- (1) Kasama ang mga nasa Hong Kong, Macau, Mainland o labas ng bansa.
- (2) Tanging ang halaga ng pangunahing ari-ariang tinitirhan sa GD ang hindi kasama. Ang iba pang mga ari-arian na magkahiwalay na pagmamay-ari o magkasamang pagmamay-ari ng aplikante at/o ng kanyang asawa ay isasaalang-alang bilang “mga ari-ariang hindi may-ari ang nakatira at kailangang isaalang-alang sa pagtatasa ng mga “ari-arian”.
- (3) Ang mga naipong benepisyo sa pagreretiro ay tumutukoy sa mga benepisyo sa pagreretiro na kasalukuyang nasa Sistema/Mga Sistema ng Mandatoryong Pondong Iniimpok (Mandatory Provident Fund (“MPF”) Scheme(s)) o iba pang sistema/mga sistema sa pagreretiro. Ang tinatantiyang halaga ng naturang mga naipong benepisyo ay batay sa impormasyon ukol sa mga pinakahuling pahayag (mga pahayag) ukol sa benepisyo na iniisyu ng trustee/mga trustee ng MPF o ng iba pang trustee (mga trustee)/administrador (mga administrador) ng iba pang mga sistema sa pagreretiro na nakuha sa pamamagitan ng iba pang mga makabuluhang dokumento.
- (4) Ang impormasyon ukol sa mga antas ng mga itinakdang hangganan ay makukuha mula sa Social Security Field Unit (Sistema ng GD) o anumang social security field unit ng Social Welfare Department o sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Social Welfare Department sa (www.swd.gov.hk).

**Adres, Numero ng Telepono at mga Oras na
Magbubukas ang Social Security Field Unit
(Sistema ng Guangdong)**

Hotline para sa mga Tanong ukol sa Sistema ng Guangdong		3105 3266
Opisina	Adres	Numero ng Telepono
Social Security Field Unit (Sistema ng Guangdong)	Unit 2110-2111, 21/F., Landmark North, 39 Lung Sum Avenue, Sheung Shui, Hong Kong.	3105 3294
Oras ng Opisina		
Lunes hanggang Biyernes	8:45 nang umaga hanggang 1:00 nang hapon 2:00 nang hapon hanggang 6:00 nang gabi	
Sabado, Linggo at mga Pampublikong Holiday:	Sarado	
Department Hotline Service Unit		2343 2255

Agosto 2013